# BIYAYA PARA SA IYO,
# *PAGSUSULIT NG DIYOS SA BUHAY NA WALANG HANGGAN*



## Payak na Pagsusulit ng Bibliya Paraan Upang Malaman ang Katayuan Mo sa Diyos

Ang katayuan mo sa Diyos ay hindi dahil sa iyong relihiyon, Iglesya o pagiging kasapi, kasal o hindi, o iba pang bagay na maaaring isipin. Ito ang aming napagtibay sa masuring pag-aaral ng Banal na Bibliya. Hindi namin ikinakaila ang kahalagahan ng simbahan sa buhay ng tao, subalit pinagtitibay namin o ng iba, na ito ay maliit na halaga lamang sa iyo. Ang iyong sariling pagpapasya ang magkapagpapabago sa buhay mo ngayon at magpakilanman.

Nawa'y matulungan ka ng pagsusulit na ito at pagpalain ka ng Diyos araw-araw sa pamamagitan ng kanyang mga Salita, ang Banal na Bibliya.

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

### Pagsusulit ng Diyos sa Buhay na Walang-Hanggan

Ang pinakasuliraning hinaharap ng buhay mo ay kung ano ang mangyayari sa iyo sa walang-hanggan. Ang kalagayan mo sa kawalang-hanggan kung kasama ang Diyos ay may pag-asa at mas maayos kaysa sa iniisip mo. Ang Bibliya ay ibinigay hindi upang linlangin ka sa halip maayos na gabayan ang iyong pakikitungo sa Diyos ngayon at magpakailanman. Makakatulong ang pag-aaral na ito upang malaman mo ang katotohanan at layunin ng Bibliya. Ginawa sa paraan ng mga tanong upang subukin ang iyong mga pasya. (Ang mga Talata ay hanggo sa Tagalog Popular Vesion. Basahing muli ang mga talata sa Bibliyang nais.)

Roma 5:8 ***Ngunit ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa.***

1. Bakit pinadala ng Diyos ang kanyang anak sa mundo?
☐ Ang kanyang dakilang pag-ibig sa atin ang dahilan ng pagpapadala sa kanyang anak upang mamatay para sa ating mga kasalanan.
☐ Pinadala niya si Jesus upang hamakin ang mga makasalanan sa lupa.

Roma 3:23 ***Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos.***

2. Ano ang sinasabi nito sa lahat nang nasa lupa?
☐ Halos lahat ay namuhay ng karapat-dapat sa Diyos.
☐ Kaunti lamang ang namuhay ng karapat-dapat sa Diyos.
☐ Walang namuhay ng karapat-dapat sa Diyos.

3. Ano ang sinasabi nito tungkol sa'yo?
☐ OK ako sa Diyos namumuhay ng maayos kaysa iba.
☐ Kulang pa upang maging lubos.
☐ Ako'y makasalanan tulad ng iba.

Roma 6:23 ***Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.***

4. Ano ang sinasabing kabayaran ng kasalanan?
☐ Ang kasalanan ay maliit na bagay, ginagawa ng lahat.
☐ Sinabi ng Diyos ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.

5. Ano ang nag-iisang pag-asa sa buhay na walang hanggan?
☐ Tanggapin ang buhay na walang-hanggan na kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.
☐ Mamuhay ng walang kasalanan.

Roma 5:6 ***Sapagkat noong tayo'y mahihina pa, namatay si Cristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan.***

6. Bakit namatay si Jesus sa krus?
☐ Namatay siya para sa ating mga makasalanan.
☐ Namatay siya ng walang dahilan, kaya kong mamuhay ng kaayaaya sa Diyos.

Juan 14:6 ***Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."***

7. Ano ang pahayag ni Jesus sa sarili?
☐ Siya lamang ang daan patungo sa Diyos.
☐ Isa lamang siya sa daan patungo sa Diyos.

8. Ano ang sinasabi nito tungkol kay Jesus at sa'yo?
☐ May sarili akong daan sa Diyos.
☐ Hindi ko kailangan ng daan sa Diyos.
☐ Kailangan ko si Jesus upang maging daan sa Diyos.

1 Juan 1:8-9 ***Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili, at wala sa atin ang katotohanan. Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating mga kasamaan sapagkat siya'y matuwid.***

9. Ano ang gagawin natin sa kasalanan ko at sa'yo?
☐ Wala, hindi sapat upang magalit ang Diyos.
☐ Tanggihan, maniwalang ako'y kaaya-aya sa Diyos.
☐ Ipagtapat sa Panginoon, inaako ang pananagutan.

10. Ano ang dalawang bagay na gagawin ni Jesus kung ikaw ay hihingi ng kapatawaran?
☐ Patatawarin ang lahat kong kasalanan.
☐ Lilinisin niya ako sa aking mga kasalanan.
☐ Walang gagawin sapagkat hindi siya interisado sa aking kasalanan.

2 Corinto 5:15 ***Namatay siya para sa lahat upang ang mga nabubuhay ngayon ay huwag nang mabuhay para sa sarili, kundi para kay Cristo na namatay at muling nabuhay para sa kanila.***

11. Ano ang sinasabi nito tungkol sa mga nagtitiwala sa Panginoon sa kapatawaran at bagong buhay?
☐ Ang pasyang ito ay hindi dapat makaapekto sa pamumuhay ngayon o sa hinaharap.
☐ Si Cristo ay namatay para sa kanila upang sila'y mabuhay para sa kanya.

Juan 1:12 ***Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos.***

12. Anong dalawang bagay ang kailangan upang maging anak ng Diyos?
☐ Makamit sa pamamagitan ng mabuting gawa.
☐ Maniwala kay Jesus bilang Tagapagligtas.
☐ Tanggapin si Jesus bilang Panginoon ng aking buhay.

Nagawa mo ba ang dalawang bagay na ito? ________ Binigyan ka ba ng karapatan ng Diyos upang maging kabilang sa kanya? _____ Kung hindi, Bakit?____________________________________________________________.

Pahayag 3:20 ***Nakatayo ako sa labas ng pintuan at tumutuktok. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, ako'y papasok sa kanyang tahanan.***

13. Ang Iyong Pananaw: Ano ang ibig sabihin ni Jesus dito?
☐ Siya ay buhay na buhay at kumakatok sa pinto ng aking puso.
☐ Hindi kilala si Jesus. Walang kabuluhan sa akin ang lahat.
☐ Maaaring kumakatok siya ngunit hindi ko naririnig.
☐ Walang dahilan upang siya'y pumasok sa aking buhay.
☐ Naririnig ko siya at binubuksan ang pinto. Halika, Panginoong Jesus!

Gawa 2:40-41 ***Marami pa siyang inilahad upang patunayan ang kanyang sinabi, at nanawagan siya sa kanila, "Lumayo kayo sa masamang lahing ito upang kayo'y maligtas." Kaya't ang mga naniniwalasa kanyang sinabi ay nagpabautismo; at nadagdag sa kanila ang may 3,000 tao nang araw na iyon.***

14. Ano ang nangyari sa kanilang naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus?
☐ Sila'y naligtas sa kaparusahang darating sa mga hindi sasampalataya.
☐ Wala silang ginawa, walang nagbago nang sila'y nagsi-uwi.
☐ Sila'y binautismuhan bilang pagpapahayag sa publiko ng kanilang pananampalataya kay Cristo.
☐ Sila'y naging kasapi ng grupo ng mga naniniwala.

Lapitan mo ang taong nagbigay sa'yo nito at hingin libreng araling katulad nito na pinamagatang Mga Taong Nakakakilala Kay Jesus.
`

PAMBANSANG KAMPANYA SA PAGBABASA ng BIBLIYA
P. O. Box 177, Henrietta, TX 76365
All Rights Reserved, ©2007 by Ted Lindwall
billdavis@churchstarts.com